


# Mother Tongue-Based Multilingual Education

Unang Markahan – Modyul 3:  
Nabibilang Mo Ba?



**Mother Tongue-Based Multilingual Education – Ikatlong Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Unang Markahan – Modyul 3: Nabibilang Mo Ba?  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Lovely Joy M. Ariate

**Editor:** Lira S. Rubio, Jesusa P. Ambrona, Lourdes C. Manlapus

**Tagasuri:** Grace L. Completo, Maricel M. Jamero, Alemer O. Veloso, Aries A. Gamino  
Remely Fe M. Ozaraga

**Tagaguhit:** Deodito C. Curaza Jr.

**Tagalapat:** Hazel Jane A. Villegas

**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo

Winnie E. Batoon

Mary Jeanne B. Aldeguer

Chona M. Calatrava

Analiza C. Almazan

Teresita E. Helgason

Ma. Cielo D. Estrada

Jesusa P. Ambrona

George N. Wong

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: regionxi@deped.gov.ph \* lrms.regionxi@deped.gov.ph

# 3

## Mother Tongue-Based Multilingual Education

Unang Markahan – Modyul 3:  
Nabibilang Mo Ba?

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## *Alamin*

Kumusta? Halika at sabay nating alamin ang napapaloob sa modyul na ito!

Subukan mo kung paano malalaman ang kaibahan ng pamilang at di-pamilang na pangngalan. May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- nakikilala ang kaibahan ng pamilang at di-pamilang na pangngalan (**MT3G-Ia-c-4.2**).



### *Mga Tala para sa Guro*


Upang ikaw ay maging matagumpay sa paggamit ng kagamitang ito, tandaan na palaging basahin ang mga panuto sa bawat gawain na makikita sa modyul. Maligayang pag-aaral!




## Subukin

Tingnan ang mga larawan sa ibaba at isulat ang (✓) tsek kung pamilang ang pangngalan at (✗) ekis naman kung di-pamilang. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.


\_\_\_\_\_ 1. bigas




\_\_\_\_\_ 2. saging




\_\_\_\_\_ 3. tubig



\_\_\_\_\_ 4. bayabas



\_\_\_\_\_ 5. mantika




## Aralin

# 1

## Nabibilang Mo Ba?

Nasubukan mo na bang bilangin ang mga buhangin sa dalampasigan? Sadyang may mga bagay na alam natin na hindi puwedeng gawin pero tinatanong pa rin.

Handa ka na ba? Sa modyul na ito ay matutuhan mo ang kaibahan ng dalawang uri ng pangangalan. Tara na!



### Balikan

Sa nakaraang modyul, may naisulat na kayong maikling tula, bugtong, *chant* o *rap* bilang iyong karagdagang gawain. Basahin ito sa harap ng iyong magulang o mga kapatid nang may wastong bigkas o indayog at i-rekord o i-*video* kung mayroon kayong kagamitang pang *record* gaya ng *cellphone*, *tape recorder* o *camera* upang maiparinig o maipakita sa iyong guro.



Basahing mabuti ang kuwento at bigyang pansin ang mga pangngalan na makikita.

## Walong Taon na si Althea

ni Lovely Joy M. Ariate

Iginuhit ni: Deodito C. Curaza Jr.



Ipinagdiriwang ni Althea ang kaniyang ikawalong kaarawan. Sinorpresa siya ng kaniyang pamilya ng isang *Barbeque Party*. May isda, *hotdogs*, *spaghetti*, manok, kanin at iba pa. Mayroon ding toyo, *catsup* at sawsawan para pampalasa. Binigyan siya ng bulaklak ng kaniyang Tita Bing. Ang kaniyang pinsan na si Joy ay nagbigay rin ng keyk.

Pinabilang kay Althea ang *barbeque* kung kakasya na ba ito sa lahat ng bisitang dadalo. Ngunit, hindi pa pala marunong magbilang si Althea. Pagdating ng mga bisita nagkulang ito. Magagalit na sana ang kaniyang ina ngunit sinabihan na lang siya na magsanay na bumilang dahil napakahalaga nito sa pang araw-araw na pamumuhay.





## Suriin

Basahing muli at pag-aralan ang mga pangngalan mula sa kuwento.

|      |                |                  |       |          |
|------|----------------|------------------|-------|----------|
| isda | <i>hotdogs</i> | <i>spaghetti</i> | manok | kanin    |
| toyo | <i>catsup</i>  | sawsawan         |       | bulaklak |


A. Alin sa mga pangngalan ang puwedeng bilangin?

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_

B. Alin sa mga pangngalan ang di-puwedeng bilangin?

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_

- Ano ang tawag sa pangngalang puwedeng bilangin?
- Ano naman ang tawag sa pangngalang di- puwedeng bilangin?



## Tandaan

- Ang pangngalang pamilang ay mga pangngalang nabibilang.
- Ang pangngalang di-pamilang ay ang mga pangngalang di-nabibilang.

Halimbawa:

| Pamilang | Di-Pamilang |
|----------|-------------|
| baso     | harina      |
| bisita   | tubig       |
| lapis    | juice       |



## Pagyamanin

### Gawain A

Basahin ang mga pangngalang nasa loob ng kahon at pangkatin ito batay sa uri ng pangngalang kinabibilangan nito. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

|        |       |       |       |      |
|--------|-------|-------|-------|------|
| bigas  | bato  | kape  | asin  | mesa |
| asukal | libro | gatas | plato |      |

| Pamilang | Di-Pamilang |
|----------|-------------|
|          |             |
|          |             |
|          |             |
|          |             |
|          |             |

### Gawain B

Hanapin mo sa loob ng bahay ang mga pangngalan na nakasaad sa Pagyamanin A. Gumamit ka ng timbangan o tantiyahin kung ilang gramo o kilo ang mga ito. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

| Pangalan | Timbang |
|----------|---------|
| bigas    |         |
| asukal   |         |
| bato     |         |
| kape     |         |
| gatas    |         |
| asin     |         |
| plato    |         |
| bata     |         |



## *Isaisip*

Ano ang kaibahan ng pamilang sa di-pamilang na pangngalan?

---


---

---



## *Isagawa*

Tingnan ang mga bagay sa iyong paligid. Isulat sa isang malinis na papel o kuwaderno ang mga pamilang at di-pamilang na pangngalan.





## *Tayahin*

Basahin at isulat ang titik ng tamang sagot sa papel.

- \_\_\_ 1. Ang *shampoo, toothpaste at lotion* ay \_\_\_\_\_ na pangngalan.
- A. gamit
  - B. mabibili
  - C. pamilang
  - D. di-pamilang
- \_\_\_ 2. Baso, plato, at kutsara ay \_\_\_\_\_ na pangngalan.
- A. gamit
  - B. mabibili
  - C. pamilang
  - D. di-pamilang
- \_\_\_ 3. Ano ang kaibahan sa mabibilang at di-mabibilang na pangngalan?
- A. Walang kaibahan.
  - B. Magkaiba ang dami.
  - C. Iba- ibang lagayan ng panukat.
  - D. Ang mabibilang ay pwedeng bilangin at ang di-mabibilang ay hindi mabibilang.
- \_\_\_ 4. Bakit mahalagang pag-aralan ang pagbibilang?
- A. para sumikat
  - B. hindi madadaya
  - C. upang yumaman
  - D. hindi pagtawanan
- \_\_\_ 5. Kapag hindi ka pa marunong bumasa, ano ang gagawin mo?
- A. Makinig at matuto.
  - B. Mangopya sa kaklase.
  - C. Hihintayin nalang ang panahon na matuto.
  - D. Walang gagawin dahil ito ay mahirap na gawain.



## *Karagdagang Gawain*

Magtala ng tatlong pamilang at dalawang di-pamilang na pangngalan at gamitin ito sa pangungusap. Gawin ito sa iyong papel o kuwaderno.



## Susi sa Pagwawasto

|                                                                                                                                                                                                          |                                                                                                                        |                                                                                                                         |
|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <p>Tayahin</p> <ol style="list-style-type: none"><li>1. D</li><li>2. C</li><li>3. D</li><li>4. B</li><li>5. A</li></ol>                                                                                  | <p>Isagawa</p> <p>-inasaan ang<br/>magkaiibang sagot</p>                                                               | <p>Isaisip</p> <p>-inasaan ang<br/>magkaiibang sagot</p>                                                                |
| <p>Pagyananin</p> <p>Gawain A<br/>Pamiliang=<br/>bato, mesa, libro,<br/>plato, bata</p> <p>Di-pamiliang=<br/>Bigas, kape, asin, asukal, gatas</p> <p>Gawain B<br/>-inasaan ang magka<br/>ibang sagot</p> | <p>Sunin</p> <p>A. isda, hotdogs, manok,<br/>bulaklak, keyk</p> <p>B. spaghetti, kanin, toyo,<br/>catsup, sawsawan</p> | <p>Subukin</p> <ol style="list-style-type: none"><li>1. x</li><li>2. /</li><li>3. x</li><li>4. /</li><li>5. x</li></ol> |

# *Sanggunian*

*Curriculum Guide in Mother Tongue Based-MLE 3*, p133.

DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines.

Final K to 12 Most Essential Learning Competencies (MELCs) with Corresponding CG Codes in MTB-MLE Grade III Quarter 1.

DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines.

Bamba, Nelia D., Claire B. Barcelona, Gretel Laura M. Cadiong, Franlyn R. Corporal, Florinda Dimansala, Lilibeth A. Magtang, Victoria D. Mangaser, Florita R. Matic, Irene T. Pilapil, Grace U. Rabales, Raquel C. Solis, and Arabella May Z. Soniega.  
*MTB-MLE Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog- Baitang 3)*:  
Book Media Press, Inc., 2014, 14-15. *DepEd Complex, Meralco Avenue. 1600 Pasig City, Philippines.*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)